



Mga Populasyong May Mas Malaking Posibilidad na Magkaroon ng Malalang COVID-19

Pebrero 26, 2021

Ang sumusunod na Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad, at ipo-post sa <http://www.sfgdcp.org/vulnerable>. Puwedeng magbago ang impormasyon.

Mga Populasyong Nasa Mas Malaking Panganib

Sino ang may mas malaking posibilidad na magkaroon ng COVID-19? Alin pang mga grupo ang kailangang magsagawa ng mga karagdagang pag-iingat?

Mga nakakatanda*

Mga taong may mga dati nang medikal na kundisyon **

- Kanser
- Pabalik-balik na sakit sa bato
- Pabalik-balik na sakit na nagdudulot ng bara sa daluyan ng hangin (Chronic Obstructive Pulmonary Disease, COPD)
- Down Syndrome
- Mga kundisyon sa puso, gaya ng pagpalya ng puso, coronary artery disease, o mga cardiomyopathie
- Immunocompromised na katayuan (mahinang immune system) mula sa pag-transplant ng solid na organ
- Katabaan (body mass index [BMI] na 30 kg/m² o mas mataas pero < 40 kg/m²)
- Labis na katabaan (BMI ≥ 40 kg/m²)
- Pagbubuntis
- Sickle cell disease
- Paninigarilyo
- Type 2 diabetes mellitus
- Mga batang may kumplikasyon sa kalusugan **

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagprotekta ng iyong sarili, tingnan ang [“Ano ang puwede kong gawin para maprotektahan ang aking sarili kung mayroon akong mas malaking posibilidad na magkaroon ng COVID-19 o na malantad sa COVID-19?”](#)

Sino ang posibleng magkaroon ng mas malaking posibilidad na magkaroon ng malalang COVID-19 ***

Mga taong may mga dati nang medikal na kundisyon

- Hika (katamtamang hanggang sa malubha)
- Cerebrovascular disease (nakakaapekto sa mga ugat at supply ng dugo sa utak)




- Cystic fibrosis
- Hypertension o mataas na presyon ng dugo
- Immunocompromised na katayuan (mahinang immune system) mula sa pag-transplant ng dugo o bone marrow, mga immune deficiency, HIV, paggamit ng mga corticosteroid, o paggamit ng iba pang gamot na nakakahina ng immunity
- Mga neurologic na kundisyon, gaya ng dementia
- Sakit sa atay
- Labis na timbang (BMI > 25 kg/m², pero < 30 kg/m²)
- Pulmonary fibrosis (pagkakaroon ng pinsala o peklat sa mga tissue sa baga)
- Thalassemia (isang uri ng sakit sa dugo)
- Type 1 diabetes mellitus

Sino ang nangangailangan ng karagdagang pag-iingat ****

- Mga racial na grupo at ethnic minority na grupo
- Mga taong buntis o nagpapasuso
- Mga taong may kapansanan at tagapag-alaga ng mga taong may kapansanan
- Mga taong may disorder kaugnay ng development at pag-uugali at tagapag-alaga ng mga taong may disorder kaugnay ng development at pag-uugali
- Mga taong may problema sa paggamit ng droga at substance
- Mga taong naninirahan sa mga rural na komunidad
- Mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- Mga bagong naninirahang populasyon ng refugee
- Mga taong naninirahan sa nursing home o pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga
- Mga taong naninirahan sa mga group home para sa mga taong may mga kapansanan
- Mga tagapag-alaga ng mga taong may dementia

Mga Tala

* [Naglabas ng data ang Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit \(Centers for Disease Control and Prevention, CDC\)](#) na nagpapakitang sa pagitan ng mga nasa hustong gulang, lumalaki ang posibilidad na magkaroon ng COVID-19 kasabay ng pagtanda, kung saan nasa pinakamalaking panganib ang mga mas nakatatanda. Halimbawa, ang mga taong nasa kanilang edad na 50 ay nasa mas mataas na panganib ng malubhang karamdaman kumpara sa mga taong nasa kanilang edad na 40. Katulad nito, nasa mas mataas na panganib ang mga taong nasa kanilang edad na 60 o 70 kumpara sa mga taong nasa edad na 50 sa pangkalahatan. Ang nasa pinakamataas na panganib ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19 ay ang mga taong nasa edad 85 pataas. Bagama't hindi ito nangangahulugang walang panganib sa mga mas nakababatang nasa hustong gulang – puwedeng magkaroon at nagkakaroon ng COVID-19 ang mga taong nasa mga edad na 20, 30, at 40 at dapat silang magsagawa ng mga hakbang para protektahan ang kanilang mga sarili mula sa pagkakaroon ng COVID-19.



San Francisco Department of Public Health

Mga Madalas Itanong

** [Natukoy ng CDC na inilalagay ng mga kundisyong ito ang mga tao sa mas malaking panganib na magkaroon ng malalang uri ng sakit na COVID-19](#) batay sa tumutugmang [evidensya mula sa maraming maliliit na pag-aaral o matibay na pagsasama-sama mula sa malaking pag-aaral](#). Nasa mas mataas na panganib ng malubhang karamdamdam ang mga batang may kumplikasyon sa kalusugan, na may neurologic, genetic, metabolic na kundisyon, o may congenital heart disease kumpara sa ibang bata. [Tingnan ang mga pahina ng CDC sa pediatric COVID-19](#).

*** [Natukoy ng CDC batay sa limitadong datos at impormasyon](#) sa ngayon na ang mga taong may mga ganitong kundisyon ay [posibleng](#) magkaroon ng mas malaking panganib ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19.

**** Ang ibang grupo o tao ay [inirerekomenda ng CDC na magsagawa ng mga karagdagang pag-iingat](#), dahil isinasaad sa mga bagong datos na may ilang populasyong mayroong hindi pantay na kahirapan ng sakit at pagkamatay dahil sa COVID-19, may mas mataas na posibilidad ng pagkakaroon ng mga dati nang kundisyon, o nakakaranas ng mga kundisyong puwedeng magsanhi ng paglaganap ng impeksyon.